



PANGALAN

PETSA NG KAPANGANAKAN

NUMERO NG MEDIKAL NA TALAAN

PAGKILALA SA PAGTANGGAP NG ABISO NG DPH PARA SA HIPAA PRIVACY RIGHTS (MGA KARAPATAN SA PAGPAKPRIBADO)

Inilalarawan ng nakalakip na Abiso kung paano maaaring gamitin at ibahagi ang medikal na impormasyon na tungkol sa inyo sa Department of Public Health (DPH) ng San Francisco at kung paano kayo makakakuha ng access sa impormasyon na ito. Mangyaring suriin ito nang maingat.

Pangako ng DPH: Nauunawaan ng mga empleyado ng Department of Public Health (DPH) ng San Francisco, mga kaanib nito at mga nakakontratang tagapagkaloob (provider) na ang impormasyon na tungkol sa inyo at sa inyong kalusugan ay personal. Nangangako silang poprotektahan ang impormasyon ng inyong kalusugan.

Kinikilala ko ang pagtanggap ng "DPH Notice of Privacy Rights (Abiso ng Mga Karapatan sa Pagkapribado)" ng Department of Public Health ng San Francisco."

Pirma: _____ **Petsa:** _____

Nakasulat na Pangalan: _____ **Kaugnayan (kung iba sa pasyente):** _____

Tinanggihang pirmahan ng Pasyente o Kliyente ang pagtanggap (pirma ng kawani): _____

Hindi makapirma ang Pasyente o Kliyente (pirma ng saksi): _____

Dahilan kung bakit hindi nakapirma: Bawas na pisikal na kakayahan Bawas na kakayahan ng isipan Iba pa (isulat) _____

Interpreter: _____

PABATID NG DPH TUNGKOL SA MGA GAWING MAY KALINGIRAN SA HIPAA

ITONG PABATID AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO GINAGAMIT AT IBINABAHAGI ANG INYONG IMPORMASYONG PANGMEDIKAL SA KAGAWARAN NG KALUSUGANG PAMPUBLIKO (DPH) NG SAN FRANCISCO AT PAANO NINYO MADALING MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING TINGNAN NINYO ITONG MABUTI.

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa Pabatid na ito, mangyaring tawagan ang Hotline ng Kalingiran ng DPH sa (415) 206-2354.

SINO ANG SUSUNOD SA PABATID NA ITO:

Ang Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko (DPH) ng San Francisco at ang mga sumusunod na kawani sa Kagawarang ito ay susunod sa mga patakarang itinakda nitong Pabatid:

- ◆ Sinumang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na awtorisadong magpasok ng inyong impormasyon sa rekord pangkalusugan ng DPH.
- ◆ Ang lahat ng departamento at mga yunit ng DPH, mga kasapi ng DPH, at mga tagapaglaan ng kontrata/mga kasama sa negosyo ng DPH na maaaring nakakabasa, nakakagamit o nakakapagbigay ng personal na impormasyong pangkalusugan ng mga pasyente.
- ◆ Sinumang mga miyembro ng mga boluntaryong grupo na tumutulong sa inyo habang kayo ay tumatanggap ng pangangalaga mula sa DPH.
- ◆ Mga kawaning pangkalusugan ng DPH at mga empleyado ng Pamantasan ng California sa San Francisco na nagtatrabaho kasama ang DPH.
- ◆ Ang mga pumupunta sa paaralan upang maging kawani ng pangangalagang pangkalusugan at ang kanilang mga guro na tumutulong sa pagbibigay sa inyo ng pangangalagang pangkalusugan sa DPH, halimbawa mga residenteng pangmedikal, mga mag-aaral sa kursong pangmedikal, mga mag-aaral sa pagka-nars, mga kasama at mga mag-aaral sa mas mataas na paaralang batsilyerato.

Ang lahat ng mga organisasyong ito, lugar, at pook na kinaroroonan ay sumusunod sa mga termino ng pabatid na ito. Sa karagdagan, ang mga organisasyong ito, lugar, pook na kinaroroonan ay maaaring magbahagi ng impormasyong pangmedikal sa isa't isa para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad o operasyon ng pangangalagang pangkalusugan na nakalarawan sa Pabatid na ito.

ANG PANGAKO NG DPH TUNGKOL SA IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN:

Nauunawaan ng mga kawaning pangkalusugan ng Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng San Francisco, mga kasapi ng DPH at mga tagapaglaan ng kontrata ng DPH na ang inyong impormasyong pangkalusugan at ang inyong kalusugan ay personal. Nakatalagakami na bigyang-proteksiyon ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo. Ang rekord ng pangangalaga at mga serbisyong inyong natanggap mula sa DPH ay binuo at nakataan sa DPH. Itong rekord ay kailangan upang mabigyan kayo ng may kalidad na pangangalaga at matupad ang mga ilang pangangailangan ng batas. Itong Pabatid ay susundin para sa lahat ng rekord ng pangangalaga sa inyo na iniingatan ng DPH, ito man ay gawa ng mga kawaning pangkalusugan ng DPH o

ng inyong sariling manggagamot na nag-alaga sa inyo sa isang klinika o ospital ng DPH. Kung mayroon kayong sariling manggagamot na hindi manggagamot ng DPH, maaaring may iba siyang mga patakarang sinusunod tungkol sa paggamit at pamamahagi ng inyong impormasyong pangkalusugan.

Itinatala at iniingatan ng DPH ang impormasyon ng pasyente sa ilang mga lugar, parehong sa papel at sa mga kompyuter, depende sa lugar kung saan ibinigay ang pangangalaga. Hindi ipinamamahagi kaninuman ng mga kawani sa pangangalaga ng kalusugan at ng mga manggagamot itong impormasyon upang mapangalagaan ang inyong kalusugan.

Ang Pabatid na ito ay nagbibigay-alam sa inyo ng mga paraan sa paggamit at sa pamamahagi ng DPH ng inyong impormasyong pangkalusugan. Ito rin ay nagbibigay-alam sa inyo tungkol sa inyong mga karapatan at ilang mga patakarang ng DPH tungkol sa paggamit at sa pamamahagi ng impormasyon.

Hinihingi sa DPH ng batas na:

- ◆ Mag-ingat ng rekord tungkol sa pangangalagang ibinigay sa inyo;
- ◆ Tiyakin na ang impormasyong pangkalusugang magagamit upang kayo ay makilala ay mananatiling pribado (na may ilang mga eksepsiyon);
- ◆ Sumunod sa Genetic Information Nondiscrimination Act (GINA) upang maiwasan ang paggamit o pagbubunyag ng genetic na impormasyon para sa mga layunin ng diskriminasyon o pagpapaseguro.
- ◆ Bigyan kayo nitong Pabatid ng mga legal na katungkulan at mga gawing may kalingiran ng DPH; at
- ◆ sundin ang Pabatid na may bisa sa panahong ito.

ANG INYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA INYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN.

Sa pangkalahatan, kayo ay mayroon nitong mga sumusunod na karapatan sa inyong impormasyong pangkalusugan na iniingatan ng DPH:

- ◆ **Karapatan Upang Masuri at Makopya.** Kayo ay may karapatang humiling na tingnan, basahin, at magkaroon ng papel o, kung mayroon, elektronikong kopya ng impormasyong pangkalusugan na ginamit upang magsagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Kadalasan, ito ay kinabibilangan ng mga rekord ng paggagamot at kwentas. Kung nais ninyong tingnan at kumuha ng kopya ng impormasyong pangkalusugan na ginamit upang magsagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga, dapat ninyong ipadala, o dalhin sa regular na oras ng trabaho, ang inyong nakasulat na kahilingan sa tanggapan ng mga rekord sa paggagamot sa lugar kung saan ibinigay sa inyo ang pangangalaga (tingnan ang likod ng Pabatid na ito para sa talaan ng mga direksiyon). Maaaring hingan kayo ng DPH na magbayad para sa pagpakopya, pagpakoreo o pagkuha ng mga kagamitan na kinailangan upang matugunan ang inyong kahilingan. Maliban na lamang kung sinabi ng inyong tagapaglaan na ito ay ayos lang, ang karapatang makita at makopya ang impormasyong pangkalusugan ay hindi kasama ang impormasyong pangkalusugan ng pag-iisip. Kung mapagdesisyon ng DPH na hindi ninyo maaaring tingnan ang inyong impormasyong pangkalusugan ng pag-iisip, maaaring magdesisyon ang DPH na bigyan kayo ng buod ng inyong rekord. Kung tinanggihan ng inyong tagapaglaan ang inyong kahilingan, maaari ninyong hilingin sa isang miyembro ng Tagapamahala ng Riyesgo ng DPH na balik-aralan kung bakit tinanggihan ang inyong kahilingan. Ang magbabalik-aral ay hindi ang tumanggi sa inyong kahilingan.

- ◆ **Karapatan Upang Bigyang-Kapangyarihan ang Pamamahagi ng Impormasyong Pangkalusugan.** Kung sa palagay ninyo ay kailangan at nararapat, kayo ay may karapatang humiling sa DPH na ipadala ang mga kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan sa kaninuman ninyo ninanais – ibang mga tao, mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan o mga ospital at mga klinika. Ang ilan ninyong impormasyong pangkalusugan na kinokolekta at iniingatan ng DPH ay higit na sensitibo kaysa sa ibang impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, kung kayo ay ginagamot para sa mga problema sa kalusugan ng pag-iisip, mga problema sa abuso sa ipinagbabawal na gamot, o HIV/AIDS, iniingatan ng DPH na hindi maipamahagi ang impormasyong ito sa mga taong hindi nangangailangan nito para sa layuning pangangalaga maliban na lamang kung sinabi ninyo na ito ay ayos lang. Sa kaso ng paggagamot sa kalusugan ng pag-iisip, maaaring kailangang sang-ayunan ng inyong tagapaglaan ang pagpapadala ng impormasyon. Maaari ninyong hilingin sa DPH na ihinto ang pamamahagi ng inyong impormasyong pangkalusugan sa anumang oras. Upang humiling sa DPH na ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga hindi taga-DPH, dapat ninyong hilingin ito sa pamamagitan ng sulat. Ipadala o dalhin ang inyong kahilingan sa tanggapan ng mga rekord sa paggagamot sa lugar kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa talaan ng mga direksiyon).

- ◆ **Karapatan Upang Magsagawa ng Mga Pagwawasto.** Kung naniniwala kayo na ang inyong impormasyong pangkalusugan na itinaan ng DPH ay hindi tama o hindi kumpleto, kayo ay may karapatang humiling sa DPH na palitan ang impormasyon. Kayo ay may karapatang humiling ng pagsususog tungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan hangga’t ang impormasyon ay nasa kanilang pag-iingat. Upang humiling ng pagwawasto, ipadala ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat sa tanggapan ng mga rekord sa paggagamot sa lugar kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa talaan ng mga direksiyon). Dagdag dito, dapat ninyong ipaliwanag kung bakit nais ninyong palitan ang inyong impormasyong pangkalusugan. Maaaring tanggihan ng DPH ang inyong kahilingan kung ito ay hindi nakasulat o hindi nagpapaliwanag kung bakit nais ninyong palitan ang impormasyon. Dagdag dito, maaaring tanggihan ng DPH ang inyong kahilingan kung hihilingin ninyong palitan ang impormasyon na:
 - hindi binuo ng mga manggagawang pangkalusugan ng DPH;
 - inirekord ng isang taong hindi na mahagilap upang gawin ang pagbabago;
 - hindi bahagi ng impormasyong pangkalusugan na iniingatan ng o para sa DPH;
 - hindi bahagi ng impormasyong pinapahintulutan kayong makita o makopya; o
 - nakitang tama at kumpleto.

Kahit na tumatanggi ang DPH sa inyong kahilingan para sa pagsususog, may karapatan kayong magsumite ng nakasulat na addendum, na hindi lalampas ng 250 salita, patungkol sa anumang aytem o pahayag sa inyong rekord na sa paniniwala ninyo ay hindi kumpleto o mali. Kung malinaw ninyong inilalagay ng nakasulat na nais ninyo ng addendum na gawing bahagi ng inyong rekord pangkalusugan ilalaki ito sa inyong mga rekord at isasama ito kapag gumagawa kami ng pagbubunyag ng aytem o pahayag na pinaniniwalaan ninyong hindi kumpleto o mali.

- ◆ **Karapatan sa Pagpapahayag ng Kontaduriya.** Kayo ay may karapatang bigyang-alam kung sino ang nakabasa ng inyong rekord. Itong “pagpapahayag ng kontaduriya” ay isang talaan ng mga taong hindi taga-DPH kung kanino naibahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa layuning maliban sa paglaan ng inyong pangangalaga sa kalusugan, pagbayad para sa inyong pangangalaga sa kalusugan o pagsagawa ng ibang mga aktibidad na kailangan para sa mga pagpapalakad nito. Upang humiling para sa talaang ito, dapat ninyong ipadala ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat sa tanggapan ng mga rekord sa paggagamot sa lugar kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa talaan ng mga direksiyon). Kung hihiling kayo ng “pagpapahayag ng kontaduriya” dapat ninyong sabihin

sa amin ang mga tagapaglaan ng pangangalaga ng DPH na nais ninyong makwenta. Hindi ninyo dapat hilingin sa DPH na magbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa kung kanino ipinamahagi ng DPH ang impormasyon na may mahigit anim na taon ang nakaraan bago ninyo isinumite ang inyong kahilingan. Dapat nakasaad sa inyong kahilingan kung paaano ninyo nais na ibigay sa inyo ng DPH ang talaan (halimbawa, nakasulat sa papel o bilang taan sa kompyuter). Ang unang talaan na inyong hihilingin sa loob ng 12-buwang peryodo ay libre. Maaaring hilingin sa inyo ng DPH na magbayad para sa karagdagang mga talaan. Ang halaga ay ipapaliwanag sa inyo, at maaari kayong mamiling kanselahin o palitan ang inyong kahilingan sa anumang oras bago kayo sisingilin ng anumang halaga.

- ◆ **Karapatan sa Paghiling ng Mga Takdaan ng Hangganan.** Kayo ay may karapatang humiling sa DPH na hindi ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa ilang tao o para sa ilang layunin. Kayo ay may karapatan ding humiling sa DPH na hindi ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga tao gaya ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan na maaaring may kinalaman sa inyong pangangalaga o pagbayad para sa inyong pangangalaga. Halimbawa, maaari kayong humiling sa DPH na huwag gamitin o ipamahagi ang impormasyon tungkol sa inyong operasyon. **Ang DPH at/o mga manggagamot nito ay maaaring hindi sasang-ayon sa inyong kahilingan.** Kung hindi ito sang-ayon, hindi ipapamahagi ng DPH ang inyong impormasyon maliban na lamang kung kailangan ang impormasyon para sa emerhensiyang paggagamot. Upang humiling ng mga takdaan ng hangganan, dapat ninyong ipadala ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat sa tanggapan ng mga rekord sa paggagamot sa lugar kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang likod ng Buod ng Pabatid para sa talaan ng mga direksiyon). Sa inyong kahilingan, dapat ninyong ipaliwanag (1) kung anong impormasyon ang nais ninyong bigyan ng hangganan; (2) kung nais ninyong bigyan ng hangganan ang DPH sa paggamit, pamamahagi o pareho; at (3) kung kanino nararapat ang mga hangganan. Halimbawa, maaaring hindi ninyo nais na ipamahagi ang impormasyong pangkalusugan sa inyong pamilya. Kung magbayad kayo para sa isang serbisyo o aytem ng pangangalagang pangkalusugan na buong magmumula sa inyo (out-of-pocket), maaari ninyong hingin sa DPH na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin ng pagbabayad o ang aming mga operasyon sa nagseguro ng inyong kalusugan. Ang inyong kahilingan ay aaprobahan maliban inaatas ng batas ang DPH na ibahagi ang impormasyong iyon.
- ◆ **Karapatang Humiling ng Mga Komunikasyong May Kalingiran.** Kayo ay may karapatang itakda kung saan at kung paano makipag-ugnayan sa inyo ang mga empleyado ng DPH. Halimbawa, maaari kayong humiling sa kawani ng DPH na makipag-ugnayan sa inyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo. Ipagbigay-alam sa amin sa pamamagitan ng sulat, sa pamamagitan ng pagpapadala ng inyong kahilingan sa Tanggapan ng Kalingiran ng DPH sa 2789 25th St., San Francisco, CA 94110. Hindi ninyo kailangang magbigay ng dahilan para sa inyong kahilingan. Ang lahat ng makatwirang kahilingan ay pinapayagan. Dapat nakasaad sa inyong kahilingan kung paano o kung saan kayo maaring makaugnayan.
- ◆ **Karapatan sa Kopya sa Papel Nitong Pabatid.** Kayo ay may karapatang tumanggap ng kopya sa papel nitong Pabatid. Maaari kayong humiling ng kopya nitong Pabatid sa anumang oras. Kahit na sumang-ayong kayong tumanggap nitong pabatid sa pamamagitan ng koreoelektroniko o mabasa ito sa websayt, kayo ay may karapatan pa ring tumanggap ng kopya sa papel nitong Pabatid. Upang makakuha ng kopya sa papel nitong pabatid, maaari ninyong dalawin ang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ng DPH o sumulat sa Opisyal sa Kalingiran ng DPH sa 2789 25th St., San Francisco, CA, 94110. Maaari kayong kumuha ng kopya nitong pabatid sa websayt ng DPH, <http://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/medSvs/HIPAA/HIPAAsummaries.asp>
- ◆ **Karapatan na Masabihan ng Paglabag:** May karapatan kayo na malaman kung ang inyong Protected Health Information (PHI) ay nilabag. Susundin namin kung ano ang inaatas ng mga batas tungkol sa pagkalihim para malaman ninyo kung nagkamali sa pagbahagi ng inyong impormasyon.

PAANO GAGAMITIN AT IPAMAMAHAGI NG DPH ANG INYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN.

Nais ng DPH na malaman ninyo ang ilang mga paraan ng paggamit at pamamahagi ng impormasyong pangkalusugan. Hindi mailarawan ng DPH ang bawat paraan ng paggamit at pamamahagi ng impormasyong pangkalusugan dito sa Pabatid. Subali't karamihan sa mga paraan ay umaakma sa isa sa mga paglalarawang inilaan sa ibaba. Mahalagang malaman ninyo na may mga espesyal na protektadong uri ng impormasyon sa pangangalaga sa kalusugan sa California na dapat na manatili at isagawa sa espesyal na mga paraan. Kabilang nitong mga protektadong uri ng impormasyon ay ang impormasyon sa paggagamot sa kalusugan ng pag-iisip, paggagamot sa mga kapansanang sumisibol, paggagamot sa abuso sa droga/alkohol at paggagamot sa HIV/AIDS. Ang impormasyon tungkol sa paggagamot ng mga menorde-edad na may edad na mahigit 12 na may pahintulot para sa mga serbisyong pangkalusugan sa pagsusupling, kalusugan ng pag-iisip, abuso sa ipinagbabawal na gamot, pagbubuntis, mga sakit na naiuulat, panggagahasa ay iniingatan din. Sa lahat ng kaso, gagamitin ng mga kawaning pangkalusugan at mga manggagamot ng DPH ang pinakakonting impormasyong kailangan upang maibigay sa inyo ang pangangalaga, makuha ang bayad para sa inyong pangangalaga, o mapalakad ang mga pasilidad ng DPH sa pangangalaga ng kalusugan. Regular na binabalik-aralan ng DPH ang mga gamit at pagpapahayag na isinagawa ng mga kawami ng DPH, ng mga tagapaglaan ng kontrata at ng mga kawani ng UCSF mula sa mga rekord ng DPH upang matiyak na ang mga ito ay naaangkop.

Pagbubunyag Bilang Inyong Kahilingan. Ang DPH ay maaaring ibunyag ang impormasyon kapag inyong hiniling, Ang pagbubunyag na ito bilang inyong kahilingan ay maaaring mangailangan ng nakasulat na awtorisasyon mula sa inyo.

Para sa Pagpapagamot. Upang mapabuti ang kalidad ng pangangalagang inyong tinatanggap, ang impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi ng mga tagapaglaan sa loob ng DPH at sa pagitan ng DPH at mga tagapaglaan ng kontrata nito – kabilang na ang impormasyong pangkalusugan na may kinalaman sa kalusugan ng pag-iisip, abuso sa ipinagbabawal na gamot, HIV/AIDS, mga nakakahawang sakit na may kaugnayan sa seks (STD) at mga kapansanang sumisibol. Halimbawa, kailangang malaman ng isang manggagamot na naggagamot sa inyo para sa nabaling paa kung kayo ay may diyabetes dahil ang diyabetes ay makakapagpahina sa proseso ng paggaling. Dagdag dito, maaaring kailangang sabihin ng manggagamot sa dietitian kung kayo ay may diyabetes na maghanda ng espesyal na mga pagkain. Maaaring ipamahagi ng magkakaibang departamento ng DPH ang inyong impormasyon upang makapagbigay ng mga kagamitang kailangan ninyo, gaya ng mga gamot, mga pagsusuri sa laboratoryo o reynos-x. Kung ang inyong pangangalaga ay nangangailangan na kayo ay isangguni sa isang manggagamot o pasilidad sa labas ng DPH, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi sa kanila upang maipalano ang inyong patuloy na pangangalaga. Kung kailangan ng mga tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan o ng ibang mga taong hindi taga-DPH at ng mga tagapaglaan ng kontrata nito ang inyong impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo, kayo ay hihingan ng pagsang-ayon upang pahintulutan ang DPH na ibigay ang impormasyon maliban na lamang kung ang impormasyon ay kailangan para sa inyong emerhensiyang pangangalaga.

Para sa Pagbayad. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipamahagi upang ang mga paggagamot at mga serbisyong inyong natanggap mula sa mga lugar ng pangangalaga ng DPH ay maisama sa kwentas at ang kabayaran ay makolekta mula sa inyo, mula sa isang kompaniya ng seguro o ikatlong partidong pag-angkin ng serbisyo sa pagpapagalang. Ang impormasyon ay maaaring ipamahagi sa mangindapat na serbisyo upang makapaghanap ng mga programang makakatulong sa mga pasyenteng bayaran ang kanilang pangangalaga. Maaaring kailangan ninyong sabihin sa inyong planong pangkalusugan ang tungkol sa inyong kailangan sa paggagamot upang makakuha ng paunang pagsang-ayon o upang malaman kung sasaklawin ng inyong plano ang inyong paggagamot. Sa lahat ng kaso, hihilingin ng DPH ang inyong pagsang-ayong ipamahagi ang impormasyon sa mga magbabayad bago ito ibigay.

Para sa Pamamalakad ng Pangangalaga sa Kalusugan. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipamahagi para sa mga pamamalakad ng DPH. Maaaring kailangan ng DPH na gamitin at ipamahagi itong impormasyon upang mapatakbo ang mga pasilidad nito at upang matiyak na ang lahat ng pasyente ng DPH ay makakatanggap ng mataas na uri ng pangangalaga. Halimbawa, maaaring gamitin ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan upang balik-aralan ang paggagamot at mga serbisyo at upang masuri ang pangangalagang inyong natanggap mula sa mga kawaning pangkalusugan ng DPH. Ang impormasyong pangkalusugan ng maraming pasyente ng DPH ay maaaring ipagsama upang mapagdesisyunan ang mga karagdagang serbisyong maaaring ialok ng DPH, anong mga serbisyo ang kailangan at kung ang ilang bagong mga proseso ay epektibo. Ang mga nakolektang impormasyon ng maraming pasyente ng DPH ay maaaring ipaghambing sa impormasyon ng mga kalagayan ng di-pangangalaga sa kalusugan ng DPH upang malaman kung ang pangangalaga at mga serbisyo ng DPH ay maaaring mapabuti. Ang impormasyong nagbibigay kilanlan sa inyo ay maaaring tanggalin mula sa impormasyong pangkalusugan upang mapag-aralan ang pangangalaga at pagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan. Ang impormasyon ay maaaring ipamahagi sa mga manggagamot, mga nars, mga tekniko ng DPH, at iba pang mga kawani ng DPH para sa mga layuning pagbabalik-aral at pag-aaral.

Mga Paalala sa Pakikipagtipan. Maaaring gamitin ng DPH ang inyong impormasyon upang ipaalala sa inyo ang inyong nalalapit na pakikipagtipan. Tandaan lamang na kayo ay laging may karapatang humiling sa DPH na makipag-ugnayan sa inyo sa ibang mga paraan kung ayaw ninyong matanggap ang pakikipagtipan sa pamamagitan ng koreo.

Direktoryo. Ang ilang limitadong impormasyon tungkol sa inyo ay maaaring isama sa mga direktoryo ng pasyente sa mga ospital ng DPH kung saan kayo ginagamot. Ang mga lugar ng pananatili sa pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip at abuso sa ipinagbabawal na gamot ay hindi gumagamit ng mga direktoryong pampubliko. Itong impormasyon ay maaaring maglaman ng inyong pangalan, kinalalagyan sa ospital/klinika, inyong pangkalahatang kalagayan (hal., mainam, matatag, atbp.) at inyong relihiyong kinasasapian. Ang impormasyon sa direktoryo, maliban sa inyong relihiyong kinasasapian, ay maaari ding ipamahagi sa mga taong naghahanap sa inyo sa pangalan. Ang inyong relihiyong kinasasapian ay maaaring ibigay sa isang pari, rabi o ministro, kahit hindi nila kayo hinanap sa pangalan. Ito ay upang madalaw kayo ng inyong pamilya, mga kaibigan at klero at malaman ang inyong pangkalahatang kalagayan kung kailangan ninyong tumigil ng isang gabi sa isang ospital ng DPH. Kung ayaw ninyong ipamahagi ng DPH ang inyong pangalan, kinalalagyan sa ospital, pangkalahatang kalagayan o relihiyong kinasasapian, dapat ninyong ipagbigay-alam sa tanggapan ng pagpapasok sa pasilidad kung saan kayo tumatanggap ng pangangalaga.

Pangangalap ng Pondo. Maaari naming kayong kontakti para magkaloob ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad na itinataguyod ng DPH, kabilang ang mga programa at pagtitipon sa pangangalap ng pondo. May karapatan kayo na humiling na 'umiwas' ng pagtanggap ng mga impormasyon tungkol sa pangangalap ng pondo. Kung nakatanggap kayo ng komunikasyon ng pangangalap ng pondo, sasabihin sa inyo kung paano umiwas (opt-out).

Pamimili o Pagbebenta ng Impormasyong Pangkalusugan. Ang pagbubunyag ng inyong Impormasyong Pangkalusugan para sa pamimili o anumang pagbebenta ng inyong Impormasyong Pangkalusugan ay mangangailangan ng inyong nakasulat na awtorisasyon.

Mga Taong May Kinalaman sa Inyong Pangangalaga o Pagbayad sa Inyong Pangangalaga. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi sa inyong kaibigan o miyembro ng pamilya na nabanggit ninyong may kinalaman sa at/ responsable sa inyong medikal na pangangalaga at kailangang malaman ang impormasyon upang matulungan kayo. Ang impormasyon ay maaari ding ibigay sa kaninuman na binanggit ninyong tutulong sa pagbayad ng inyong pangangalaga. Ang mga kliyente ng kalusugan ng pag-iisip ay hihilingang pormal na payagan itong mga ganitong uri ng pamamahagi. Dagdag dito, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi sa isang organisasyong nagsisikap upang makapagbigay-ginhawa sa panahon ng sakuna upang ang inyong pamilya ay mabigyang-alam tungkol sa inyong kalagayan, katayuan at kinalalagyan.

Pananaliksik. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipahayag para sa pananaliksik sa dalawang paraan. Una, ito ay maaring gamitin ng mga mananaliksik sa mga pag-aaral na hinilingan kayong makibahagi, kung saan hihilingan kayong uminom ng gamot o magpapagamot na pinag-aaralan ang pagiging epektibo nito. Sa ganitong mga uri ng pag-aaral, kayo ay laging hihilingan ng inyong pagsang-ayon para sa inyong pakikibahagi sa pag-aaral. Pangalawa, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipahayag nang hindi binabanggit na yun ay tungkol sa inyo. Halimbawa, ang isang proyekto sa pananaliksik ay maaaring kinabibilangan ng paghambing ng kalusugan at paggaling ng lahat ng pasyenteng tumanggap ng isang paggagamot sa ibang tumanggap ng ibang paggagamot para sa parehong kalagayan nang hindi isinama ang pangalan o mga personal na pagkakakilanlan. Ang lahat ng mga proyekto sa pananaliksik ay isasagawa sa DPH, subali't, saklaw sa isang espesyal na sinang-ayunang proseso. Itong proseso ay magsusuri sa iminungkahing proyekto sa pananaliksik at ang gamit ng impormasyong pangkalusugan dito, upang matiyak na ang pananaliksik ay hindi magsasanhi sa higit na riyesgo sa inyong kalingiran. Bago gamitin o ihayag ang impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik, ang proyekto ay dapat na payagan sa pamamagitan ng proseso sa pagpapayag ng pananaliksik, at nalagdaan ng mananaliksik ang panunumpa ng kalingiran.

Bilang Hinihingi ng Batas. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi kapag hiningi ng batas pederal, pang-estado o lokal.

Upang Maiwasan ang Malalang Banta sa Kalusugan o Kaligtasan. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipamahagi sa mga opisyal sa pagpapatupad ng batas, sa palipat-lipat na pangkat para sa krisis, o sa isang tangkang bibiktimahin kapag kailangan upang mapigilan ang malalang banta sa kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Subali't, ang anumang pagpapahayag ay gagawin lamang sa taong makakatulong upang mapigilan ang banta.

MGA ESPESYAL NA SITWASYON: Ang impormasyon ay maaaring ipamahagi nang walang pahintulot ninyo sa mga sumusunod na sitwasyon kung akma sa inyo.

- ◆ **Donasyon ng Bahagi ng Katawan at Tisyu.** Kung nais ninyong magdonasyon ng bahagi ng katawan, ang impormasyong pangkalusugan ay maaaring ibigay sa mga organisasyong namamahala sa donasyon ng mga bahagi ng katawan o paglilipat sa ibang tao ng bahagi ng katawan, mata o tisyu, bilang rekiritos upang makatulong sa donasyon at paglilipat sa ibang tao ng bahagi ng katawan o tisyu.
- ◆ **Militar at Mga Beterano.** Kung kayo ay isang miyembro ng hukbo, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi bilang rekiritos ng mga utos ng awtoridad ng militar.

- ◆ **Kompensasyon ng Manggagawa.** Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ibigay para sa pagproseso ng paghiling ng kompensasyon ng manggagawa o katulad na mga programa. Itong mga programa ay magbibigay-benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kauganayan sa trabaho.

- ◆ **Mga Panganib sa Kalusugan ng Publiko.** Maaaring hilingin ng batas pang-estado at pederal na ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa mga gawaing pangkalusugan ng publiko. Itong mga gawain ay kadalasang kinabibilangan ng mga sumusunod para:
 - Mapigilan at masugpo ang sakit, pinsala o kapansanan;
 - Maiulat ang mga ipinanganak at mga namatay;
 - Maiulat ang tungkol sa abuso o pagpapabaya ng mga bata, matatanda at mga taong nasa hustong gulang na umaasa sa tangkilik ng iba;
 - Maiulat ang mga tugon sa paggagamot o mga problema sa mga produkto sa pangangalaga sa kalusugan;
 - Ipaalam sa mga tao ang tungkol sa pagbawi ng mga produktong maaaring kanilang ginagamit;
 - Ipaalam sa isang tao na maaaring nahawa sa isang sakit o maaaring nasa panganib na mahahawa o magkakalat ng isang sakit o kalagayan;
 - Ipaalam sa isang awtoridad ng angkop na ahensiya ng pamahalaan kung hinihinala namin na ang isang pasyente ay biktima ng abuso, kapabayaan o karahasan sa pamamahay ayon sa inaatas ng batas.
 - Ipaalam sa mga empleyadong tumutugon sa emerhensiya ang tungkol sa posibleng pagkahawa sa HIV/AIDS, o sa saklaw na kailangan upang tumupad sa mga batas pang-estado at pederal.

- ◆ **Mga Gawain sa Pangangasiwa ng Kalusugan.** Maaaring hilingin ng batas sa DPH na ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa isang ahensiyang nagbabalik-aral ng mga gawain sa pangangalaga sa kalusugan ng DPH. Ang mga pagbabalik-aral ay kinabibilangan halimbawa ng mga pagsusuri ng tuos, mga imbestigasyon, mga pagsisiyasat, at pagbibigay-lisensiya. Itong mga gawain ay kailangan upang masubaybayan ng pamahalaan ang sistema sa pangangalaga sa kalusugan, ng mga programang binayaran ng mga namumuwisang at upang maipatupad ng DPH ang mga batas tungkol sa mga karapatang pangmamamayan.

- ◆ **Mga Kaso at Mga Pagtatalo.** Kung kayo ay sangkot sa isang kaso o pagtatalo, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi bilang tugon sa administratibong utos o utos ng korte. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi bilang tugon sa subpena, kahilingan sa natuklasan o iba pang mga prosesong makabatas ng iba na kasangkot sa isang pagtatalo, nguni't maaari lamang kung ang kanilang mga abugado ay sinubukang sabihin sa inyo ang tungkol sa utos upang magkaroon kayo ng pagkakataong tumutol sa loob ng panahong itinalaga ng batas. Maaari naming ibunyag ang mga impormasyon tungkol sa pang-isip na kalusugan sa mga korte, abogado at empleyado ng korte sa paraan ng pagtatanggol (conservatorship), at ilan pang pang-korte o administratibong mga pamamaraan.

- ◆ **Pagpapatupad ng Batas.** Ang impormasyong pangkalusugan ay maaaring ipamahagi sa isang opisyal sa pagpapatupad ng batas:
 - Bilang tugon sa isang utos ng korte, subpena, utos, mga pagpapaharap sa hukuman o katulad na proseso;
 - Para matukoy o mahanap ang taong pinaghihinalaan, takas, materyal na saksi, ilang mga tumakas at ilang nawawalang mga tao;
 - Tungkol sa isang pagkamatay na pinapaniwalaang sanhi ng isang kriminal na gawi;
 - Tungkol sa isang kriminal na gawi sa isang pasilidad ng DPH;
 - Kapag hiniling ng isang opisyal na naghaharap ng kautusan sa pasilidad; at
 - Kapag hiniling sa oras na iyon ang hindi boluntaryong pagpapa-ospital ng pasyente.

- ◆ **Mga Koroner at Mga Tagapagsiyasat Pangmedikal.** Maaaring hilingin ng batas sa DPH na ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa isang koroner o tagapagsiyasat pangmedikal. Ito ay maaaring kailangan, halimbawa, upang kilalanin ang namatay o upang malaman ang sanhi ng pagkamatay.
- ◆ **Mga Tagapag-ingat at Mga Tagapag-alagang Hinirang ng Korte.** Kahit hindi humiling sa inyo, maaaring ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga taong hinirang ng korte ng batas upang tingnan ang inyong kalusugan sa pangangatawan at/o pag-iisip at kapakanan sa pananalapi.
- ◆ **Mga Gawain sa Pambansang Seguridad at Intelehensiya.** Kahit hindi humiling sa inyo, maaaring ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa intelehensiya, konta-intelehensiya at iba pang mga gawaing pangseguridad na binigyang-kapangyarihan ng batas.
- ◆ **Mga Serbisyonag Nagbibigay-Proteksiyon sa Pangulo at sa Iba.** Maaaring ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong pederal na opisyal upang mabigyang proteksiyon nila ang Pangulo, mga hinalal na opisyal ng mga pangkonstitusyong ahensiya at kanilang mga pamilya, o iba pang mga dayuhang pinuno ng bansa. Maaaring ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sa ibang mga awtorisadong tao upang magsagawa ng mga espesyal na pagsisiyasat.
- ◆ **Nanunuluyan.** Kung kayo ay nanunuluyan sa isang piitan o bilangguan o nasa ilalim ng pangangalaga ng isang opisyal sa pagpapatupad ng batas, maaaring ipamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sa kawani ng piitan/bilangguan o sa mga opisyal ng koreksiyunal. Maaaring ipamahagi ng DPH itong impormasyon (1) upang mabigyan kayo ng piitan/bilangguan ng pangangalaga sa kalusugan; (2) upang mabigyang-proteksiyon ang inyong kalusugan at kaligtasan o kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng kawani ng piitan/bilangguan, o (4) kung kinakailangan para sa administrasyon ng katarungan.
- ◆ **Paggagamot na Itinakda ng Korte.** Sa mga pagkakataong ang isang tao ay inutusan ng proseso sa korte upang tumanggap ng paggagamot mula sa DPH, siya ay hihilingan upang pahintulutan ang pamamahagi ng impormasyon sa korte. Kung babawiin ng tao ang kanyang pagsangayon sa darating na panahon, dapat na maipagbigay-alam sa korte ang kasunod na pagtanggap.
- ◆ **Kagawaran ng Katarungan.** Maaaring ibunyag ng DPH ang limitadong impormasyon sa Kagawaran ng Katarungan para sa layunin ng galaw at pagkakakilanlan ang tungkol sa ilng mga kriminal na pasyente, o kaugnay sa mga tao na maaaring hindi bumili, magtaglay o magkontrol ng armas o nakakamatay na sandata.
- ◆ **Mga Pangkat ng Kawani mula Iba't Ibang Larangan.** Maaaring ibunyag ng DPH ang impormasyong pangkalusugan sa mga pangkat ng kawani mula sa iba't ibang larangan (multidisciplinary personnel team) na mahalaga sa prebensiyon, pagkakakilanlan, pamamahala, o paggamot sa isang inabusong bata, mga magulang ng bata, o inabusong matanda o nasa hustong gulang na umaasa sa tangkilik ng iba.

IBANG MGA GAMIT NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN.

Ang ibang mga gamit at pagpapahayag ng impormasyong pangkalusugan na hindi saklaw nitong Pabatid o ng mga batas ay gagawin lamang kapag may nakasulat na pahintulot. Kung magbibigay kayo ng pahintulot sa DPH upang gamitin o ipamahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan, maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot, sa pamamagitan ng sulat, sa anumang oras. Kung babawiin ninyo ang inyong pahintulot, hindi na gagamitin o ipamamahagi ng DPH ang inyong impormasyong pangkalusugan sanhi ng mga kadahilanang nakasaad sa inyong nakasulat na pagbibigay-kapangyarihan. Dapat din ninyong maintindihan na hindi na mababawi ng DPH ang pamamahaging naisagawa na may pahintulot ninyo, at isinasaad sa mga batas ng California na hinihiling sa DPH na mapanatili ang inyong mga rekord ng pangangalaga na naipagkaloob nito sa inyo.

KUNG NANINIWALA KAYO NA ANG INYONG MGA KARAPATAN SA KALINGIRAN AY HINDI NAPANATILI habang tumatanggap ng mga serbisyo ng DPH, maaari kayong magsampa ng reklamo sa DPH o sa Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao ng Estados Unidos. Ang lahat ng reklamo ay dapat na ipadala sa pamamagitan ng sulat. Mangyaring tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa mga kasalukuyang direksiyon at mga numero ng telepono para sa Opisyal sa Kalingiran ng DPH at ng Kalihim. Kayo ay hindi paparusahan sa anumang paraan sa pagsampa ninyo ng isang reklamo.

MGA PAGBABAGO SA PABATID NA ITO

Ang DPH ay naglalaan ng karapatang palitan ang Pabatid na ito at magsagawa ng Binago o Pinalitang Pabatid na may bisa sa impormasyong pangkalusugan na naitala na tungkol sa inyo gayun din sa anumang mga itatalang impormasyon sa darating na panahon. Ang isang kopya ng kasalukuyang Pabatid ay ipapaskil sa mga pasilidad para sa pangangalaga ng DPH. Itong pabatid ay magkakaroon ng petsa ng kabisaan sa unang pahina, sa bandang itaas na kanang sulok.

PAG-AKSIYON SA INYONG KARAPATAN SA PAGKALIHIM NG HIPAA: Para gumawa ng aksiyon sa inyong mga karapatan ng pagkalahim ng HIPAA, mangyari lamang na pumunta sa lugar ng DPH kung saan ipinagkaloob ang inyong pangangalaga at tanungin ang medical record technician o iba pang kawaning clerk na may hawak sa pagtatago ng medikal na mga record sa lugar. Ang mga address ay maaaring matagpuan sa ibaba para sa karamihan ng mga pangunahing mga lugar ng DPH:

San Francisco General Hospital Medical Center
Health Information Services, Main Bldg. Rm. 2B1
1001 Potrero Avenue
San Francisco, CA 94110
(415) 206-4432

Laguna Honda Hospital & Rehab Center
Health Information Services, Rm. B300
375 Laguna Honda Blvd.
San Francisco, CA 94116
(415) 759-3355

Neighborhood Health Centers

Balboa Teen Health Center
1000 Cayuga Avenue
San Francisco, CA 94112
(415) 469-4512

Castro-Mission Health Center
3850 17th St.
San Francisco, CA 94114
(415) 934-7700

Chinatown Public Health Center
1490 Mason St.
San Francisco, CA 94133
(415) 364-7600

Larkin Street Youth Clinic
1138 Sutter St.
San Francisco, CA 94109
(415) 673-0911 (ext. 259)

Maxine Hall Health Center
1301 Pierce St.
San Francisco, CA 94115
(415) 292-1300

Curry Senior Services
333 Turk St.
San Francisco, CA 94102
(415) 885-2274

Ocean Park Health Center
1351 - 24th Avenue
San Francisco, CA 94122
(415) 682-1900

Potrero Hill Health Center
1050 Wisconsin St.
San Francisco, CA 94107
(415) 648-3022

Silver Avenue Family Health Center
1525 Silver Avenue
San Francisco, CA 94134
(415) 657-1700

Southeast Health Center
2401 Keith St.
San Francisco, CA 94124
(415) 671-7000

Tom Waddell Urban Health Clinic
230 Golden Gate Avenue
San Francisco, CA 94102
(415) 355-7400

Cole Street Youth Clinic
555 Cole St.
San Francisco, CA 94117
(415) 751-8181

Health at Home

45 Onandaga St.
San Francisco, CA 94112
(415) 452-2100

Community Behavioral Health Services

Contact Your Program Provider
or Health Information Management
1380 Howard St., 4th Floor
San Francisco, CA 94103

City Clinic (STD Clinic)

356 - 7th St.
San Francisco, CA 94103
(415) 487-5500

Maternal, Child & Adolescent Health Jail Health Services

30 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94103
(800) 399-9950

Health Information Services
650 - 5th St., Suite 309
San Francisco, CA 94103
(415) 995-1700

DPH Privacy Officer

1001 Potrero Avenue
San Francisco, CA 94110
(415) 206-2354

DPH Administration, Epidemiology

**Public Health Lab, Housing &
Urban Health, etc.** or privacy in-
quiries for 101 Grove St., please
Contact the DPH Privacy Officer

**Secretary, U.S. Dept. of Health
and Human Services**

Office of Civil Rights
Attn: Regional Manager
90 - 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103